

Ano ang karahasan sa pamilya?

Kasama sa karahasan sa pamilya:

- pananakit sa katawan
- abusong sekswal
- abusong emosyonal at pangkaisipan
- abuso sa pamagitan ng salita
- pagbabanta ng karahasan sa iyo o sa mga ibang tao
- pagsunod/pagsubaybay nang palihim
- pamamahala ng iyong kuwarta
- pananakit ng mga alagang hayop
- paninira ng iyong mga ari-arian at mga pag-aari
- anumang pag-uugali na nagiging dahilan ng mamuhay ka sa takot
- paghihiwalay mula sa pamilya, mga kaibigan at mga grupo kung saan maaaring makipagkapwa
- pagbantang ipapatapon sa ibang bansa (para sa mga babaeng hindi pa permanenteng residente)
- pagtanggig ibigay/pagkait ng pagkuha ng mga personal na mga dokumento katulad ng pasaporte
- pagpapakita sa iyong mga anak ng anumang mga pag-uugali ng nakatala sa itaas
- pagbabantang alisin ang iyong mga anak sa Australya

Sa ilalim ng batas ng Victoria, ang 'Karahasan sa Pamilya' ay maaaring gawin ng sinumang tao kung kanino ikaw ay mayroong matalik na personal na relasyon. Maaaring kasama dito ang iyong partner o dating partner, isang miyembro ng pamilya o isang tao na iyong itinuturing na parang miyembro ng pamilya.

Ano ang aking magagawa?

Pagplano ng Kaligtasan

Gumawa ng plano ng kaligtasan kung sakaling kakaianganin na ikaw ay umalis nang madalian sa iyong tahanan. Ang isang tauhan ng karahasan sa tahanan ay matutulungan ka na gumawa ng plano ng kaligtasan. Kasama sa mga bagay na isasaalang-alang:

Kung sa iyong palagay ang karahasan sa tahanan ay malapit nang lumala o ito ay lumala na:

- Umalis ka, kung ito ay maaari.
- Piliin mo ang mga ligtas na lugar sa tahanan o malayo sa tahanan na mapupuntahan
- Magbalot ka ng mga mahalagang bagay na handang dalhin (katulad ng mga personal na dokumento, mga kinakailangang gamot, pera at mga importanteng numero ng telepono atbp)
- Mag-iwan ka ng mga kopya ng mga importanteng dokumento sa isang taong iyong pinagkakatiwalaan
- Magplano ka muna kung saan ka pupunta
- Piliin mo ang isang kapitbahay na maaari mong sabihan ng tungkol sa karahasan at hilingan silang tumawag ng pulis kung sakaling marinig nila ang kaguluhang nanggagaling buhat sa iyong tahanan
- Magkaroon ng plano ng kaligtasan para sa iyong mga anak kasama na ang maaari nilang puntahan kung kanilang nararamdaman na hindi sila ligtas at kung ano ang gagawin kung sakaling may kagipitan.
- Tawagan ang Pulisya sa sandalling ligtas na gawin ito para iulat ang pangyayari
- Kung ito ay ligtas, tumawag sa WDVCS (24/7) 1800 015 188

Kung ikaw ay humiwalay na sa iyong partner:

- Palitan ang numero ng iyong mobile at ilagay ito sa 'pribado'. Gumamit ng ibang SIM kard kung kalilangan mong makipag-usap sa iyong mga anak
- Gumawa ka ng tala-arawan ng mga mapang-abuso at nakatatakot na mga pangyayari. Makatutulong ito kung at kapag nagpasiya kang humiling ng Kautusang ng Pagpigil (Intervention Order)
- Subukang panayang palitan ang iyong mga karaniwang gawain
- Iparada ang iyong awto sa isang ligtas at pampublikong lugar.
- Kung makita mo ang iyong partner o dating partner, pumunta agad sa isang pampublikong lugar o lugar na may mga tao.
- Kung ikaw ay nagtatrabaho, kausapin mo ang iyong maypatrabaho tungkol sa kung paano nila ikaw matutulungan para manatili kang ligtas sa trabaho.

Manatiling ligtas sa internet/sosyaal na media

- Palitan o alisin ang iyong Facebook account at ang mga account ng iyong mga anak
- Palitan ang iyong email account at gawin mong mas mahirap taluntunin
- Salantain mo ang anumang GPS na gawain sa iyong mobile na telepono o sa mga mobile na telepono ng iyong mga anak
- Gumamit ka ng pampublikong kompyuter o kompyuter ng iyong kaibigan na hindi magagamit ng iyong partner/dating partner.

Tulongang manatiling ligtas ang iyong mga anak

- Tulungan mo ang iyong mga anak na malaman kung kalian may mga pagbantang babala ng peligro
- Ituro mo sa iyong mga anak kung sino ang maaari nilang tawagan o puntahan sa panahon ng kagipitan, kung paano tumawag sa 000 at kung ano ang sasabihin (sa ibang salita, magsabi ng tirahan)
- Sabihan ang kanilang mga paaralan at mga sentro ng pag-aalaga ng mga bata tungkol sa karahasan kasama na ang mga natatanging kondisyon para sa pagpunta sa mga bata na nasa Kautusan ng Pagpigil (Intervention Order)

Kanino ako maaaring makipag-alam?

Magkaroon ng tulong ngayon – karahasan sa tahanan

Kung kailangan mo ng tulong may ilang mga numero ng telepono na matatawagan na walang bayad para sa libre at kompidensyal na suporta. Kapag tumawag ka sa mga numerong ito humiling ka ng isang tagapagsalin kung kalangan mo ito.

Kasalukuyang peligro

Pulisya o Ambulansya: 000

Kung ikaw o may alam kang nasa kasalukuyang peligro.

Pangkagipitang Serbisyo ukol sa Karahasan sa Tahanan para sa mga Kababaihan (WDVCS)

Tel: 1800 015 188 (walang bayad na tawag sa loob ng Victoria)
24 oras, pitong araw bawat linggo.

Ang WDVCS ay isang kompidensyal na serbisyo sa telepono na nagbibigay ng inpormasyon, suporta at tulong sa pagpunta sa isang ligtas na matutuluyan.

inTouch – Multikultural na Sentro Laban sa Karahasan sa Pamilya

Tel: 1800 755 988 (walang bayad na tawag sa loob ng Victoria)

O 03 9413 6500

Oras: 9nu hanggang 5nh Lunes hanggang Biyernes

Nagbibigay ng mga serbisyo, programa at mga kasagutan sa mga isyu ng mga karahasan sa pamilya sa mga komunidad na may mga magkakaiba-ibang kultura at wika.

Pagsasangguning Serbisyo para sa mga Kalalakhian

Tel: (03) 9428 2899 o 1800 065 973 (walang bayad na tawag sa loob ng Victoria)
Lunes hanggang Biyernes, 9nu hanggang 9ng

Ang Pagsasangguning Serbisyo para sa mga Kalalakhian ay isang hindi kilala at kompidensyal na serbisyo sa telepono na ibinibigay para sa mga lalaki ng mga lalaki.

Paano makatutulong ang pakikipag-usap sa isang Tauhan ng Karahasan sa Pamilya?

Ang isang tauhan ng karahasan sa pamilya ay maaaring magbigay ng walang bayad at kompidensyal na suporta tungkol sa mga sumusunod:

- Susuportahan kang gumawa ng plano ng kaligtasan
- Susuportahan kang kumuha ng Kautusan ng Pagpigil (Intervention Order)
- Pagkuha ng pangangalagang medikal
- Pagpapayo para mangusap tungkol sa iyong mga damdamin
- Paghanap ng ligtas na matutuluyan at pabahay
- Susuportahan kang kumuha ng mga serbisyong legal
- Suporta sa korte
- Aplikasyon sa mga Biktima ng Krimen
- Tulong sa iyong bisa
- Ano pa mang maaaring kailangan mo para tulungan kang manatiling ligtas
- Kumuha ng madaliang suporta at pagtutustos kung ikaw o ang iyong mga anak ay may kapansanan para mamalagi sa iyong tahanan o para makakuha ng pangkagipitang matutuluyan.

Paano makatutulong ang Pulisya at ang mga Korte?

Ang mga batas ay umiiral para ipagsanggalang ka sa mga karahasan sa pamilya

- Pulisya:
 - makapaglalabas ng madaliang labas sa oras ng trabaho na babala ng kaligtasan
 - makakukuha ng kautusan ng pagpigil (intervention order) para sa iyo
 - makapaghahanda ng mga paratang na kriminal
 - makakukuha ng mga tala tungkol sa abuso na nangyari noong una
- Korte ng Mahistrado
 - makakukuha ka ng kautusan ng pagpigil (intervention order) buhat sa Korte ng Mahistrado para mamalaging malayo sa iyo at sa iyong tahanan ang marahas na tao
 - makahihiling ka ng isang CALD na pangkomunidad na tauhan ng karahasan sa pamilya
 - makahihiling ka ng isang tagapagsalin sa korte
- Ang Pampamilyang Korte
 - makagagawa ng mga kautusan tungkol sa mga ligtas na pag-areglo para sa iyong mga anak kapag may pag-aaway
 - makahihiling ka ng tagapagsalin sa korte
- Hukuman ng Tulong sa mga Biktima ng Krime (VOCAT)
 - makatutulong kaugnay ng mga madaliang gastos at pagbawi
- Ang mga abogado ay
 - Maipapaliwanag sa iyo ang iyong mga karapatan ayon sa batas at matutulungan kang gamitim ang mga ito